CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

OPISYAL NA PAHAYAG

Nobyembre 25, 2020

Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach, 562.570.NEWS, jic@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Inanunsyo ng Lungsod ang Kahilingan para sa Mga Proposal para Mga Serbisyo sa Pagkakapantay-pantay ng Kalusugan ng mga Itim

Long Beach, CA - Ang Lungsod ng Long Beach ay naghahanap ng mga panukala upang paunlarin ang pakikipagtulungan ng mga ahensya mga mga provider na nagsisilbi sa mga Itim upang itaguyod ang kalusugan at kagalingan ng mga residente ng Long Beach na Itim, na disproporsyonadong naapektuhan ng COVID-19 pandemya. Ang mga karapat-dapat na mga organisasyon ay hinihikayat ng mag-aplay sa pamamagitan ng Vendor Portal ng Lungsod ng Long Beach, PlanetBids, hanggang 11:00 a.m. sa Lunes, Disyembre 7.

“Ang COVID-19 ay disproporsyonadong nakaapekto sa mga Itim na residente ng Long Beach at ang paggamit ng pagpopondo ng CARES Act sa pantay-pantay na pagsuporta sa ating mga residente ay magpapabuti ng kalidad ng buhay sa ating mga komunidad,” sabi ni Mayor Robert Garcia.

Ang Lungsod ay nakatanggap ng $40 milyon na pagpopondo sa Coronavirus Aid, Relief and Economic Security (CARES) Act, at naglaan ng $1,000,000 upang partikular na suportahan ang Pagkakapantay-pantay ng Kalusugan ng mga Itim. Ang Programa na ito ay nagbibigay ng hanggang sa $600,000 upang suportahan ang mga nonprofit na organisasyon at mga microbusiness para sa paghahatid ng serbisyo sa Itim na komunidad ng Long Beach upang mapabagal ang epekto COVID-19 sa mga Itim na residente. Ang pagpopondo na ito ay magbibigay din ng direktang pagpopondo sa kaginhawaan para sa mga nonprofit na organisasyon at mga microbusiness (tinukoy bilang mas mababa sa $150,000 sa taunang kita) na naapektuhan ng COVID-19.

Ang iba pang mga inisyatibo upang suportahan ang Itim na Kalusugan ay tinutugunan sa magkakahiwalay na mga programa at nagsasama ng isang programa ng tagapagbigay ng Kalusugang Pangkaisipan at isang Pakikipagtulungan sa Itim na Kalusugan sa pakikipagtulungan sa California State University Long Beach.

Ang karamihan ng karapat-dapat na mga nonprofit organisasyon at mga microbusiness na nagsisilbi sa mga Itim ay maaaring maging kwalipikado para sa mga sumusunod na gawad base sa kategorya ng serbisyo na kanilang iminungkahi at maaaring mag-aplay para sa higit sa isang kategorya. Ang mga sumusunod ay nagpapakita ng mga kategorya ng mga serbisyo na maaaring mapondohan.

- COVID-19 Virtual na Pagsasanay
- COVID-19 Edukasyong Pangkalusugan at Mga Outreach na Serbisyo
- COVID-19 Malusog na Pamumuhay at Gabay sa Mapagkukunan
- COVID-19 Serbisyo sa Paghahatid ng Pakete ng Pangangalaga

Bilang karagdagan sa mga direktang serbisyo na nakalista sa itaas, ang Direktang Pondo sa Kaginhawaan ay magbibigay din na direktang pagpopondo sa kaginhawahan sa pamamagitan ng mga working capital grant sa mga karapat-dapat na nonprofit na organisasyon at mga microbusiness.

Ang mga detalyeng nauugnay sa mga saklaw na lugar, mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat at mga tagubilin sa pagsusumite ay makikita sa PlanetBids. Ang Lungsod ay gumawa ng isang video na may mga tagubilin kung paano magsumite ng mga proposal ang mga organisasyon.

Ang Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ay patuloy na lumilikha ng mga estratehiya upang suportahan ang mga segmento ng komunidad na apektado ng COVID-19 pandemya at maglalabas ng karagdagang RFP na pinondohan ng CARES Act upang mapaunlad ang mga pagsisikap na ito.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang aming mga residente, bumista sa longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

###